**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**
**SENIOR HIGH SCHOOL – APPLIED SUBJECT**

**Titulo ng Kurso**:
Filipino sa Piling Larang (Akademik)

**Diskripsyon ng Kurso:**
Pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating lilinang sa mga kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri, at masinop na pagsusulat sa piniling larangan

**Pamantayang Pangnilalaman:**
Nauunawaan ang kalikasan, layunin at paraan ng pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating ginagamit sa pag-aaral sa iba't ibang larangan (Akademik)

**Pamantayan sa Pagganap**:
Nakabubuo ng malikhaing portfolio ng mga orihinal na sulating akademik ayon sa format at teknik

**Mga Tekstong Babasahin**:
Iba't ibang anyo ng sulatin sa mga piling larangan

**Gramatika**:
Paggamit ng mga kasanayang komunikatibo (linggwistik, sosyolinggwistik, diskorsal at istratedyik)

**Paksa: Pagsulat ng Sulating Akademik**

| NILALAMAN | PAMANTAYANG PANGNILALAMAN | PAMANTAYAN SA PAGGANAP | MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO | CODE |
|---|---|---|---|---|
| Kahulugan, kalikasan, at katangian ng pagsulat ng sulating akademik<br>• Akademik | Nauunawaan ang kalikasan, layunin at paraan ng pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating ginagamit sa pag-aaral sa iba't ibang | Nasusuri ang kahulugan at kalikasan ng pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulatin | 1. Nabibigyang-kahulugan ang akademikong pagsulat | **CS_FA11/12PB-0a-c-101** |

**Bilang ng Sesyon:** 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

| NILALAMAN | PAMANTAYANG PANGNILALAMAN | PAMANTAYAN SA PAGGANAP | MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO | CODE |
|---|---|---|---|---|
| | larangan | | 2. Nakikilala ang iba't ibang akademikong sulatin ayon sa:<br>(a) Layunin<br>(b) Gamit<br>(c) Katangian<br>(d) Anyo | **CS_FA11/12PN-0a-c-90** |
| | | | 3. Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sulating akademiko | **CS_FA11/12EP-0a-c-39** |
| Pagsulat ng akademikong sulatin tulad ng:<br>1. Abstrak<br>2. Sintesis/buod<br>3. Bionote<br>4. Panukalang Proyekto<br>5. Talumpati<br>6. Katitikan ng pulong<br>7. Posisyong papel<br>8. Replektibong sanaysay<br>9. Agenda<br>10. Pictorial essay<br>11. Lakbay-sanaysay | Natitiyak ang angkop na proseso ng pagsulat ng piling sulating akademiko<br><br>Nagagamit ang angkop na format at teknik ng pagsulat ng akademikong sulatin | Nakasusulat ng 3-5 na sulatin mula sa nakalistang anyo na nakabatay sa pananaliksik<br><br>Nakagagawa ng palitang pagkikritik (dalawahan o pangkatan) ng mga sulatin | 1. Naisasagawa nang mataman ang mga hakbang sa pagsulat ng mga piniling akademikong sulatin | **CS_FA11/12PU-0d-f-92** |
| | | | 2. Nakasusunod sa istilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin | **CS_FA11/12PU-0d-f-93** |
| | | | 3. Napagtitibay ang natamong kasanayan sa pagsulat ng talumpati sa pamamagitan ng pinakinggang halimbawa | **CS_FA11/12PN-0g-i-91** |
| | | | 4. Natutukoy ang mahahalagang impormasyong pinakinggan upang makabuo ng katitikan ng pulong at sintesis | **CS_FA11/12PN-0j-l-92** |

**Bilang ng Sesyon:** 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

| NILALAMAN | PAMANTAYANG PANGNILALAMAN | PAMANTAYAN SA PAGGANAP | MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO | CODE |
|---|---|---|---|---|
| | | | 5. Nakikilala ang mga katangian ng mahusay na sulating akademiko sa pamamagitan ng mga binasang halimbawa | **CS_FA11/12PB-0m-o-102** |
| | | | 6. Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong akademiko na may kaugnayan sa piniling sulatin | **CS_FA11/12PT-0m-o-90** |
| | | | 7. Natitiyak ang mga elemento ngpaglalahad ng pinanood na episodyo ng isang programang pampaglalakbay | **CS_FA11/12PD-0m-o-89** |
| | | | 8. Nakasusulat ng organisado, malikhain, at kapani-paniwalang sulatin | **CS_FA11/12PU-0p-r-94** |
| | | | 9. Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika | **CS_FA11/12WG-0p-r-93** |
| | | | 10. Nakabubuo ng sulating may batayang pananaliksik ayon sa pangangailangan | **CS_FA11/12PU-0p-r-95** |
| | | | 11. Naisasaalang-alang ang etika sa binubuong akademikong sulatin | **CS_FA11/12EP-0p-r-40** |
| Final Output | | Nakabubuo ng malikhaing portfolio ng mga orihinal na sulating akademik na naayon sa format at teknik | Nakabubuo ng portfolio ng mga produktong sulatin | **CS_FA11/12PU-0s-t-96** |

**Bilang ng Sesyon:** 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

## GLOSARYO

**Bionote** – Maiksing tala ng personal na impormasyon ukol sa isang awtor na maaaring makita sa likuran ng pabalat ng libro, at kadalasa'y may kasamang litrato ng awtor

**Kakayahang Diskorsal** – Kakayahang pangkomunikasyon na naipapakita sa kasanayan at pagpapahayag ng idea sa loob ng isang kontekstong pasulat, pasalita, biswal, at birtwal; hal., interbyu

**Kakayahang Istratedyik** – Kakayahang pangkomunikasyon na naipapakita sa kaalaman sa angkop, wasto at mabisang istratehiya upang magpatuloy ang komunikasyon sa kabila ng problema o aberya (hal., nalimutang salita, paksa, di-alam na impormasyon, atbp.). Naisasagawa ito sa pammagitan ng mga cohesive device gaya ng ellipsis (…. sa pasulat na anyo), pag-uulit ng salita; pagbibigay ng sinonim, mga salitang gaya ng kuwan, ano, ah, atbp.).

**Kakayahang Linggwistik** – Kakayahan at kaalamang pangkomunikasyon na naipapakita sa kasanayan sa gramatikal o istruktural na paggamit ng wika; hal., paggamit ng angkop at wastong pangungusap

**Kakayahang Sosyolinggwistik** – Kakayahang pangkomunikasyon na naipapakita sa pamamagitan ng kaalaman sa angkop na gamit ng wika nang naayon sa *sino* ang kausap, *ano* ang pinag- uusapan, *paano*, *kailan, saan*. Hal., ng paraan ng pakikipag-usap, gayundin ang mga salita, pahayag, atbp. na ginagamit ng isang mag-aaral sa kanyang guro (pormal, magalang, atbp.) ay iba kaysa sa ginagamit niya sa kabarkada (impormal, personal atbp.).

**Sulating akademik** – pormal na sulatin o akdang isinasagawa sa isang akademikong institusyon o unibersidad sa isang partikular na larangang akademiko. Hal., pananaliksik sa Pisika; Report ng Pananalisik sa laboratory sa Sikolohiya, Komparatibong Literatura, atbp.

**Bilang ng Sesyon:** 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**
**SENIOR HIGH SCHOOL – APPLIED SUBJECT**

**Code Book Legend**

**Sample: CS_FA11/12PB-0a-c-101**

| **LEGEND** | | **SAMPLE** | |
|---|---|---|---|
| **First Entry** | Learning Area and Strand/ Subject or Specialization | Applied Subject_Filipino Akademik | **CS-FA11/12** |
| | Grade Level | Grade 11/12 | |
| **Uppercase Letter/s** | Domain/Content/ Component/ Topic | Pag-unawa sa Binasa | **PB** |
| | | | **-** |
| **Roman Numeral** **Zero if no specific quarter* | Quarter | Any Quarter | **0** |
| **Lowercase Letter/s** **Put a hyphen (-) in between letters to indicate more than a specific week* | Week | Weeks one to three | **a-c** |
| | | | **-** |
| **Arabic Number** | Competency | Nabibigyang-kahulugan ang akademikong pagsulat | **101** |

| **DOMAIN/ COMPONENT** | **CODE** |
|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan | PN |
| Pag-unawa sa Binasa | PB |
| Paglinang ng Talasalitaan | PT |
| Panonood | PD |
| Pagsasalita | PS |
| Pagsulat | PU |
| Wika at Gramatika | WG |
| Estratehiya sa Pag-aaral | EP |

**Bilang ng Sesyon:** 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo